

Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP) Benepisyo sa Transportasyon



Kumuha ng transportasyon papunta sa mga medikal na appointment at serbisyo nang walang bayad.



Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan ang aming mga miyembro na manatiling malusog at aktibo. Ang mga miyembro ng Alameda Alliance Wellness ay puwedeng kumuha ng masasakyan papunta sa kanilang mga medikal na appointment at serbisyo nang walang bayad.

Sinasaklaw ng Alliance ang dalawang (2) uri ng mga serbisyo sa transportasyon:

1. Hindi medikal na transportasyon (non-medical transportation, NMT)
2. Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (non-emergency medical transportation, NEMT)

Hindi Medikal na Transportasyon (NMT)

Magagawa ng mga miyembro ng Alliance na may saklaw ng Medi-Cal na gamitin ang NMT kapag kailangan nilang:

- Kumuha ng mga reseta at medikal na supply.
- Magbiyahe papunta sa at pauwi mula sa isang medikal na appointment na awtorisado ng isang provider.

Sinasaklaw ng benepisyong NMT ng Alliance ang paggamit ng sasakyan, taxi, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan para makapunta sa isang medikal na appointment.

Para magpaikedyul ng serbisyong NMT, tingnan ang listahan ng mga walang bayad na numero na puwedeng tawagan sa **pahina 2**.



Hindi Pang-emergency na Medikal na Transportasyon (NEMT)

Ang hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT) ay para sa mga miyembrong walang kakayahang pumunta sa kanilang medikal na appointment (medikal, para sa ngipin, kalusugan ng pag-iisip, o disorder sa paggamit ng substance) sa pamamagitan ng sasakyan, bus, tren, taxi, o iba pang antas ng serbisyo ng NMT.

Ginagamit ng NEMT ang mga sumusunod na antas ng serbisyo:

- Transportasyon sa himpapawid
- Litter/gurney van
- Ambulansya
- Wheelchair van

Dapat kumpletuhin at isumite ng doktor ang Form na Pahayag ng Sertipikasyon ng Doktor (Physician Certification Statement, PCS) sa Alliance bago ang isang kahilingan sa NEMT. Pagkatapos maipadala ang form sa Alliance, puwedeng magpaikedyul ng transportasyon ang miyembro o doktor gamit ang numero sa ibaba. Makikita ang Form na PCS sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.

Pag-iiskedyul

Ipaikedyul ang kahilingan sa masasakyan hindi bababa sa tatlong (3) araw ng negosyo bago ang appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Ihanda ang ID card ng miyembro ng Alliance kapag tumawag ka.

Kung ikaw ay...	Numero ng Telepono
Isang miyembro ng Alliance	Walang Bayad: 1.866.791.4158
Isang provider ng Alliance na tumatawag para sa isang miyembro ng Alliance	Walang Bayad: 1.866.529.2128
Isang provider ng Alliance na kailangang mag-ulat ng mga real-time na alalahanin	Walang Bayad na Linya para sa Pag-escalate: 1.866.779.0569

Para magpaikedyul ng masasakyan, puwede ring i-download at gamitin ng mga miyembro ng Alliance ang **Modivcare App** mula sa Google Play® o Apple App Store® sa isang smartphone o tablet.

May mga tanong?

Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness Pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm

Walang Bayad: **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, gumamit ng TTY o tumawag sa **1.800.735.2929**
www.alamedaalliance.org/alliancewellness

*Para matuto pa tungkol sa mga benepisyo at sinasaklaw na serbisyo ng iyong plano, suriin ang iyong **Handbook ng Miyembro sa Alameda Alliance Wellness**.*

Ang Alameda Alliance Wellness ay isang HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare at kontrata sa Programa ng Medi-Cal (Medicaid) ng Estado ng California. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.

